

Participate to Prepare for Christ's Return

By Elder Steven D. Shumway
Of the Seventy

Pakikibahagi sa Paghahanda para sa Pagbabalik ni Cristo

Ni Elder Steven D. Shumway
Ng Pitumpu

April 2025 general conference

Callings and other ways we embark in God's work uniquely prepare us to meet the Savior.

A few months ago, I was standing in a hall when Elder Neil L. Andersen walked by. I had just been called as a new General Authority. Likely sensing my feelings of inadequacy, he smiled and said, "Well, there looks like a man who has no idea what he is doing."

And I thought, "There is a true prophet and seer."

Elder Andersen then whispered, "Don't worry, Elder Shumway. It gets better—in five or six years."

Have you ever wondered why we are asked to do things in God's kingdom that feel beyond our reach? With life's demands, have you asked why we even need callings in the Church? Well, I have.

And I got an answer in general conference when President Russell M. Nelson said, "Now is the time for you and for me to prepare for the Second Coming of our Lord and Savior, Jesus the Christ." When President Nelson said this, the Spirit taught me that as we participate in God's work, we prepare ourselves and others for Christ's return. The Lord's promise is compelling that callings, ministering, temple worship, following promptings, and other ways we embark in God's work uniquely prepare us to meet the Savior.

Ang mga calling at iba pang paraan na naglilingkod tayo sa Diyos ay maghahanda sa atin na makita ang Tagapagligtas.

Ilang buwan na ang nakararaan, nakatayo ako sa isang bulwagan nang mapadaan si Elder Neil L. Andersen. Kakatawag pa lamang sa akin noon bilang General Authority. Malamang na nahiwatigan niya na nakadarama ako ng kakulangan, siya ay ngumiti at nagsabing, "Mukhang may isang tao rito na hindi niya alam ang kanyang ginagawa."

At naisip ko, "Narito ang isang tunay na propeta at tagakita."

Pagkatapos ay bumulong si Elder Andersen, "Huwag kang mag-alala, Elder Shumway. Magiging mabuti rin ang lahat—pagkalipas ng mga lima o anim na taon."

Naisip na ba ninyo kung bakit tayo hinihilangang gumawa ng mga bagay sa kaharian ng Diyos na sa pakiwari natin ay hindi natin kayang gampanan? Sa napakaraming kailangang gawin sa buhay, natanong na ba ninyo kung bakit pa ninyo kailangan ng mga calling sa Simbahan? Naitanong ko na iyan.

At natanggap ko ang sagot sa pangkalahatang kumperensya nang sabihin ni Pangulong Russell M. Nelson na, "Ngayon ang panahon para sa inyo at sa akin na maghanda para sa Ikalawang Pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo." Nang sabihin ito ni Pangulong Nelson, itinuro sa akin ng Espiritu na habang tayo ay nakikibahagi sa gawain ng Diyos, inihahanda natin ang ating sarili at ang ibang tao sa pagbabalik ni Cristo. Ganoon na lamang kahalaga ang pangako ng Panginoon na ang mga calling, ministering, pagsamba sa templo, pagsunod sa mga pahi-

God Is Pleased When We Engage in His Work

In “the majesty of this moment,” as God’s kingdom expands and temples dot the earth, there is a growing need for willing souls to engage in God’s work. Selflessly serving is the very essence of Christlike discipleship. But serving is rarely convenient. This is why I admire you covenant-keeping disciples, including our dear missionaries, who set aside your desires and challenges to serve God by serving His children. God “delights to honor [you for serving Him] in righteousness.” He promises, “Great shall be [your] reward and eternal shall be [your] glory.” When we say yes to serving, we are saying yes to Jesus Christ. And when we say yes to Christ, we are saying yes to the most abundant life possible.

I learned this lesson while working and studying chemical engineering in college. I was asked to be the activities planner for a singles ward. This was my nightmare calling. Still, I accepted, and at first it was drudgery. Then at one activity a beautiful girl was smitten by the way I served the ice cream. She returned three times, hoping to catch my attention. We fell in love, and she proposed to me just two weeks later. Well, maybe it wasn’t quite that fast, and I was the one who proposed, but the truth is this: I shudder to think of missing out on Heidi had I said no to that calling.

Our Participation Is Preparation for Christ’s Return

We engage in God’s work not because God needs us but because we need God and His

watig, at iba pang paraan na naglilingkod tayo sa Diyos ay maghahanda sa atin na makita ang Tagapagligtas.

Nalulugod ang Diyos Kapag Tayo ay Nakikibahagi sa Kanyang Gawain

Sa “karingalan ng sandaling ito,” habang lumalawak ang kaharian ng Diyos at dumarami ang mga templo sa buong mundo, may lumalaking pangangailangan para sa mga kaluluwang handang makibahagi sa gawain ng Diyos. Ang maglingkod nang walang pag-iimbot ang pinakadiwa ng pagiging disipulo ni Cristo. Ngunit ang paglilingkod ay bibihira lamang na madali. Ito ang dahilan kaya hanga ako sa inyo na mga disipulo na tumutupad sa tipan, kabilang na ang ating mga butihing missionary, na isinasantabi ang inyong mga hangarin at hamon para maglingkod sa Diyos sa pamamagitan ng paglilingkod sa Kanyang mga anak. Ang Diyos ay “[pinararangalan] ang mga naglilingkod sa [Kanya] sa kabutihan.” Ang pangako Niya, “Dakila ang [inyong] magiging gantimpala at walang hanggan ang [inyong] magiging kaluwalhatian.” Kapag handa tayong tumanggap ng tungkuling maglingkod, tinatanggap natin si Jesucristo. At kapag tinatanggap natin si Cristo, tinatanggap natin ang pinakamasaganang buhay na maaari nating matanggap.

Natutuhan ko ang aral na ito habang nagtatrabaho at nag-aaral ng chemical engineering sa kolehiyo. Hinilingan ako na maging activities planner para sa isang singles ward. Lubha kong kinatakutan ang calling na ito. Gayunpaman, tinanggap ko ito at noong una ito ay nakababagot. Hindi nagtagal sa isang aktibidad ay may magandang dalaga na humanga sa paraan ko ng pamamahagi ng ice cream. Tatlong beses pa siyang bumalik, umaasa na mapansin ko siya. Nagkaibigan kami, at niyaya niya akong magpakasal makalipas lamang ng dalawang linggo. Marahil hindi naman ganyan kabilis iyon, at ako ang nagyayang magpakasal, pero ito ang totoo: kinikilabutan akong isipin na hindi ko makikilala si Heidi kung hindi ko tinanggap ang calling na iyon.

Ang Ating Pakikibahagi ay Paghahanda para sa Pagbabalik ni Cristo

Nakikibahagi tayo sa gawain ng Diyos hindi dahil kailangan tayo ng Diyos kundi dahil

mighty blessings. He promises, “For, behold, I will bless all those who labor in my vineyard with a mighty blessing.” Let me share three principles that teach how our participation in God’s work blesses and helps us prepare to meet the Savior.

First, as we participate, we progress toward “the measure of [our] creation.”

We learn this pattern in the account of the Creation. After each day of labor, God acknowledged the progress made by saying, “It was good.” He did not say the work was finished nor that it was perfect. But what He did say was that there was progress, and in God’s eyes, that is good!

Callings do not determine or validate a person’s worth or worthiness. Rather, as we labor with God in whatever way He asks, we grow into the measure of our own creation.

God rejoices in our progress, and so should we, even when we still have work to do. At times we may lack the strength or the means to serve in a calling. Still, we can engage in the work and protect our testimonies through meaningful ways like prayer and scripture study. Our loving Heavenly Father does not condemn us when we are willing but unable to serve.

Second, serving elevates our homes and churches into holy places where we can practice covenant living.

For example, our covenant to always remember Christ is made individually, but this covenant is lived as we serve others. Callings surround us with opportunities to “bear ... one another’s burdens, and so fulfil the law of Christ.” When we serve because we love God and want to live our covenants, service that seems dutiful and draining becomes joyful and transformative.

Ordinances don’t save us because they fulfill a heavenly checklist. Rather, when we live the

kailangan natin ang Diyos at ang Kanyang mga pagpapala. Nangako Siya, “Sapagkat, masdan, aking pagpapalain ang lahat ng yaong gumagawa sa aking ubasan ng dakilang pagpapala.” Hayaang ibahagi ko ang tatlong prinsipyo na magtuturo sa atin kung paanong ang pakikibahagi natin sa gawain ng Diyos ay nagpapala at tumutulong sa atin na maging handang makita ang Tagapagligtas.

Una, sa ating pakikibahagi, tayo ay umuunlad tungo sa “layunin ng paglikha [sa atin].”

Nalaman natin ang huwaring ito sa salaysay tungkol sa Paglikha. Pagkatapos ng bawat araw ng paggawa, kinilala ng Diyos ang mga nagawa sa pagsasabi ng “Ito ay mabuti.” Hindi Niya sinabi na ang gawain ay tapos na o perpekto. Ngunit ang sinabi Niya ay may pag-unlad na nangyari, at sa paningin ng Diyos, iyon ay mabuti!

Ang mga calling ay hindi nagpapahiwatig o nagpapatunay sa halaga o pagiging karapat-dapat ng isang tao. Sa halip, habang tayo ay naglilingkod sa Diyos sa anumang paraang tinukoy Niya, nagagampanan natin ang layunin ng paglikha sa atin.

Nagagalak ang Diyos sa ating pag-unlad, at dapat tayo rin, kahit na marami pa tayong kailangang gawin. Kung minsan maaaring nagkukulang ang ating lakas o kakayahan na maglingkod sa isang calling. Gayunman, maaari pa rin tayong makibahagi sa gawain at protektahan ang ating mga patotoo sa makabuluhang mga paraan tulad ng pananalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Hindi tayo hahatulan ng ating mapagmahal na Ama sa Langit kapag tayo ay handa ngunit hindi makapaglingkod.

Pangalawa, ang paglilingkod ay nagpabalang sa ating mga tahanan at simbahan kung saan maaari tayong mamuhay nang naaayon sa tipan.

Halimbawa, ang ating tipan na palaging alalahanin si Cristo ay ginagawa nating mag-isa, pero ang tipan na ito ay ipinamumuhay habang naglilingkod tayo sa iba. Ang mga calling ay mga oportunidad para “dalhin ... ang pasanin ng isa’t isa, at sa gayon [tumutupad] sa batas ni Cristo.” Kapag tayo ay naglilingkod dahil mahal natin ang Diyos at nais nating ipamuhay ang ating mga tipan, ang paglilingkod na tila ginagawa para lang sumunod at nakapapagod ay nagiging masaya at nagpapabago ng pagkatao.

Ang mga ordenansa ay hindi magliligtas sa atin dahil nakukumpleto ng mga ito ang isang

covenants connected with these ordinances, we become the kind of person who wants to be in God's presence. This understanding overcomes hesitations to serve or preferences not to serve. Our preparation to meet Jesus Christ accelerates when we stop asking what God will permit and start asking what God would prefer.

Third, participating in God's work helps us receive God's gift of grace and feel His greater love.

We do not receive financial compensation for serving. Instead, scripture teaches that for our "labor [we are] to receive the grace of God, that [we] might wax strong in the Spirit, [have] the knowledge of God, [and] teach with power and authority from God." That is a very good trade!

Because of God's grace, our abilities or inabilities are not the principal basis for extending or accepting a calling. God does not expect perfect performance or exceptional talent to participate in His work. If so, Queen Esther would not have saved her nation, Peter would not have led the early Church, and Joseph Smith would not be the Prophet of the Restoration.

As we act in faith to do something beyond our abilities, our weakness is exposed. This is never comfortable, but it is necessary for us to "know that it is by [God's] grace ... that we have power to do these things."

We will fall many times as we engage in God's work. But in our effort, Jesus Christ catches us. He gradually lifts us to experience salvation from failure and fear and from feeling like we will never be enough. When we consecrate our meager but best effort, God magnifies it. When we sacrifice for Jesus Christ, He sanctifies us. This is the transformative power of God's grace. As we serve, we grow in grace until we are prepared to "be lifted up by the Father, to stand before [Jesus Christ]."

checklist sa langit. Sa halip, kapag ipinamumuhay natin ang mga tipang nauugnay sa mga ordenansang ito, tayo ay nagiging ang tao na nais makapiling ang Diyos. Ang pagkaunawang ito ay tutulong para madaig natin ang mga pag-aalinlangang maglingkod o kagustuhang hindi maglingkod. Ang ating paghahanda na makita si Cristo ay mas nag-iibayo kapag tumitigil tayo sa pagtatanong kung ano ang pinapayagan ng Diyos at sinisimulan nating itanong kung ano ang nais ng Diyos.

Pangatlo, ang pakikibahagi sa gawain ng Diyos ay tumutulong sa atin na matanggap ang ka-loob na biyaya ng Diyos at madama ang Kanyang higit na pagmamahal.

Hindi tayo tumatanggap ng bayad para sa paglilingkod. Sa halip, itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na sa ating "gawain [tayo] ay tatanggap ng biyaya ng Diyos, upang [tayo] ay lumakas sa Espiritu, na may kaalaman tungkol sa Diyos, [at] makapagturo nang may kapangyarihan at karapatan mula sa Diyos." Napakagandang kapalit nito!

Dahil sa biyaya ng Diyos, ang ating mga kayang gawin o hindi kayang gawin ay hindi ang pangunahing batayan sa pagbibigay o pagtanggap ng calling. Hindi inaasahan ng Diyos ang perpektong pagganap o namumukod-tanging talento para makibahagi sa Kanyang gawain. Kung gayon, hindi sana nagawa ng Reynang si Esther na mailigtas ang kanyang bansa, hindi napamunuan ni Pedro ang sinaunang Simbahan, at hindi naging Propeta ng Panunumbalik si Joseph Smith.

Kapag tayo ay kumikilos nang may pananampalataya para magawa ang isang bagay na higit pa sa ating mga kakayahan, makikita natin ang ating kahinaan. Hindi ito madaling tanggapin, pero kailangan nating "malaman ... na dahil sa ... biyaya [ng Diyos], ... may kapangyarihan [tayo na] gawin ang mga bagay na ito."

Maraming beses tayong mabibigo habang nakikibahagi tayo sa gawain ng Diyos. Ngunit sa ating pagsisikap, sinasalo tayo ni Jesucristo. Iniaangat Niya tayo para maranasan ang kaligtasan mula sa ating kabiguan at pangamba at mula sa pakiramdam na hindi tayo kailanman magiging sapat. Kapag inilalaan natin ang kaunti ngunit pinakamainam na magagawa natin, pinalalaki ito ng Diyos. Kapag nagsasakripisyo tayo para kay Cristo, pinababanal Niya tayo. Ito ang nagpapabagong kapangyarihan ng biyaya ng

Help Others Receive and Rejoice in the Gift of Callings

I do not know all the Savior will ask me when I stand before Him, but perhaps one question will be “Who did you bring with you?”—Callings are sacred gifts from a loving Heavenly Father to help bring others with us to Jesus Christ. So I invite leaders and each of us to more intentionally seek those without callings. Encourage and help them engage in God’s work to help them prepare for Christ’s return.

John was not active in the Church when his bishop visited and told him that the Lord had a work for him to do. He invited John to quit smoking. Although John had tried many times to stop, this time he felt an unseen power helping him.

Just three weeks later, the stake president visited John. He called him to serve in the bishopric. John was shocked. He told the stake president he had just quit smoking. If this meant he would have to abandon his tradition of attending professional football games on Sunday, well, that was just too much to ask. The stake president’s inspired response was simple: “John, I am not asking you; the Lord is.”

To which John replied, “Well, if that is the case, I will serve.”

John told me that these sacrifices to serve were the spiritual turning points for him and for his family.

I wonder if we have a blind spot, failing to extend callings to individuals who, to our mortal view, appear unlikely or unworthy. Or we may be more concerned with a culture of performance than with the doctrine of progression, neglecting to see how the Savior increases capacity in the unlikely and the unproven by giving them oppor-

Diyos. Habang naglilingkod tayo, umuunlad tayo sa biyaya ng Diyos hanggang sa maging handa tayong “[ibangon] ng ... Ama, upang tumayo sa harapan [ni Jesucristo].”

Tulungan ang Iba na Matanggap at Magalak sa Kaloob na mga Calling

Hindi ko alam ang lahat ng itatanong sa akin ng Tagapagligtas kapag tumayo na ako sa Kanyang harapan, ngunit marahil ang isang tanong ay, “Sino ang isinama mo?” Ang mga calling ay mga sagradong kaloob mula sa isang mapagmahal na Ama sa Langit para matulungan ang iba na makasama natin kay Jesucristo. Kaya inaanyayahan ko ang mga lider at ang bawat isa sa atin na sadyang hanapin ang mga taong walang calling. Hikayatin at tulungan silang makibahagi sa gawain ng Diyos para tulungan silang maghanda sa pagbabalik ni Cristo.

Si John ay hindi aktibo sa Simbahan nang binisita siya ng kanyang bishop at sinabi sa kanya na may ipagagawa sa kanya ang Panginoon. Inaanyayahan niya si John na tumigil sa paninigarilyo. Bagama’t maraming beses nang sinubukan ni John na tumigil, nakadama siya ngayon ng hindi makitang kapangyarihan na tumutulong sa kanya.

Makalipas lang ang tatlong linggo, si John ay binisita ng stake president. Tinawag niya si John na maglingkod sa bishopric. Nabigla si John. Sinabi niya sa stake president na tumigil pa lamang siya sa paninigarilyo. Kung ang kahulugan nito ay pagtigil sa nakasanayan na niyang panonood ng mga professional football game sa araw ng Linggo, mukhang kalabisan naman para hilingin pa ito. Ang inspiradong sagot ng stake president ay simple lamang: “John, hindi ako ang humihiling nito; ang Panginoon ang humihiling nito sa iyo.”

Na sinagot naman ni John ng, “Kung gayon, maglilingkod ako.”

Sinabi sa akin ni John na ang mga sakripisyong ito para makapaglingkod ay naghatid ng espirituwal na pagbabago sa kanya at sa kanyang pamilya.

Iniiisip ko na baka minsan ay may mga bagay na hindi natin napapansin, na hindi tayo nagbibigay ng calling sa mga tao na, sa ating mortal na pananaw, ay malamang na walang kakayahan o hindi karapat-dapat. O baka nakatuon tayo sa pagiging magaling kaysa sa doktrina ng pag-unlad, na kinakaligtaang makita kung paano

tunities to serve.

Elder David A. Bednar teaches the importance of the scriptural mandate to “let every [woman and] man learn [their] duty, and to act.” Do we do this? When leaders and parents let others learn and act for themselves, they blossom and flourish. While the easier path may be to give faithful members a second calling, the more excellent way is to invite the unlikely to serve and let them learn and grow.

If Christ were physically here, He would visit the sick, teach the Sunday School class, sit with the heartbroken young woman, and bless the children. He can do His own work. But He lives this principle of letting us act and learn, so He sends us in His place.

With participation in God’s work comes “the right, privilege, and responsibility to represent the Lord [Jesus Christ].” When we serve to magnify Christ and not ourselves, our service becomes joyful. When others leave our class, meeting, ministering visit, or activity remembering Christ more than they remember us, the work is energizing.

In earnestly seeking to represent the Savior, we become more like Him. That is the best preparation for the sacred moment when each of us will kneel and confess that Jesus is the Christ, which I witness that He is and that President Russell M. Nelson is His “voice ... unto the ends of the earth” to help us “prepare ... for that which is to come.” In the sacred name of Jesus Christ, amen.

pinalalawak ng Tagapagligtas ang kakayahan ng mahihina at walang karanasan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataong maglingkod.

Itinuro ni Elder David A. Bednar ang kahalagahan ng kautusan sa banal na kasulatan na “[hayaan na] ang bawat tao ngayon ay matutong kanyang tungkulin, at kumilos.” Ginagawa ba natin ito? Kapag ang mga lider at mga magulang ay hinahayaan ang iba na matuto at kumilos para sa kanilang sarili, sila ay umuunlad at humuhusay. Bagaman mas madali ang magbigay ng isa pang calling sa matatapat na miyembro, ang mas mainam na paraan ay anyayahan ang mga tila hindi maglilingkod at hayaan silang matuto at umunlad.

Kung narito si Cristo, bibisitahin Niya ang mga maysakit, magtuturo sa klase sa Sunday School, uupo kasama ng mga nagdadalamhating kabataang babae, at babasbasan ang mga bata. Kaya Niyang gawin ang Kanyang sariling gawain. Pero ipinamumuhay Niya ang prinsipyong ito ng pagbibigay ng pagkakataon sa atin na kumilos at matuto, kaya Niya tayo isinusugo para kumatawan sa Kanya.

Kasama sa pakikibahagi sa gawain ng Diyos “ang karapatan, pribilehiyo, at responsibilidad na kumatawan sa Panginoong [Jesucristo].” Kapag naglilingkod tayo para purihin si Cristo at hindi ang ating sarili, nagiging masaya ang ating paglilingkod. Kapag ang kapwa natin ay lumisan sa ating klase, miting, pagbisita sa ministering, o sa isang aktibidad na mas naaalala si Cristo kaysa sa atin, talaga namang nagbibigay-sigla ang gawain.

Sa masigasig na pagsisikap nating kumatawan para sa Tagapagligtas, tayo ay nagiging higit na katulad Niya. Iyan ang pinakamainam na paghahanda para sa sagradong sandali na ang bawat isa sa atin ay luluhod at kikilalanin na si Jesus ang Cristo, na pinatotohanan kong Siya nga, at na si Pangulong Russell M. Nelson ang Kanyang “tinig ... [na] sumasa mga dulo ng mundo” para tulungan tayong “maghanda ... para sa yaong paparito.” Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen.